# KODIGO NG ETIKA

Inaprubahan ng Board of Directors ng Saipem SpA noong
Disyembre 18, 2024



Saipem Classification - General Use

# TALAAN NG NILALAMAN

KABANATA 8 .................... 3
KODIGO NG ETIKA NG SAIPEM.................... 3
INTRODUKSYON.................... 3
1. Pangkalahatang mga prinsipyo: kakayahang mapanatili at responsibilidad ng korporasyon 4
2. Mga pamantayan sa paggawi at ugnayan sa mga Stakeholder .................... 5
2.1. Etika, transparency, pagiging patas, at pagiging propesyonal .................... 5
2.2. Ugnayan sa mga shareholder at sa Merkado .................... 6
2.2.1. Kahalagahan para sa mga shareholder, kahusayan, transparency .................... 6
2.2.2. Corporate Governance Code .................... 7
2.2.3. Impormasyon ng Kompanya .................... 7
2.2.4. Mahalaga o Lihim na Impormasyon .................... 7
2.2.5. Media.................... 7
2.3. Ugnayan sa mga institusyon, samahan, at lokal na komunidad .................... 8
2.3.1. Awtoridad at mga Pampublikong Institusyon .................... 8
2.3.2. Mga politikal na organisasyon at unyon .................... 8
2.3.3. Pag-unlad ng mga lokal na Komunidad .................... 8
2.3.4. Pagtataguyod ng mga “non profit” na aktibidad .................... 9
2.4. Ugnayan sa mga kliyente at supplier .................... 9
2.4.1. Mga kliyente .................... 9
2.4.2. Mga supplier at external na collaborator .................... 10
2.5. Management, mga empleyado, at mga collaborator ng Saipem.................... 11
2.5.1. Pagsulong at proteksyon sa Human Resources .................... 11
2.5.2. Pagma-manage sa Kaalaman.................... 12
2.5.3. Seguridad ng kompanya .................... 12
2.5.4. Mga pangha-harass o panliligalig sa lugar ng trabaho.................... 13
2.5.5. Pag-abuso sa alak o droga at pagbabawal sa paninigarilyo .................... 13
3. Mga instrumento para sa pagpapatupad ng Kodigo ng Etika .................... 14
3.1. Sistema ng internal na kontrol.................... 14
3.1.1. Nagkakasalungatang mga interes.................... 14
3.1.2. Transparency ng mga rekord sa accounting .................... 16
3.2. Proteksyon sa kalusugan, kaligtasan, kapaligiran, at pampublikong kaligtasan .................... 16
3.3. Pananaliksik, inobasyon, at proteksyon sa intelektuwal na pag-aari .................... 17
3.4. Pagkakompidensyal .................... 17
3.4.1. Proteksyon sa mga sekreto ng kompanya .................... 17
3.4.2. Proteksyon sa privacy .................... 17
3.4.3. Pagiging miyembro ng pangasiwaan at mga empleyado sa mga asosasyon, pakikilahok sa mga inisyatiba, event, o panlabas na pulong.................... 18
4. Saklaw ng pagpapatupad at mga sangguniang istruktura para sa Kodigo ng Etika .................... 19
4.1. Obligasyon na alamin ang Kodigo at iulat ang anumang paglabag dito .................... 19
4.2. Mga sangguniang istruktura at pangangasiwa.................... 20
4.2.1. Tagapanagot ng Kodigo ng Etika.................... 20
4.2.2. Pagsusulong ng Kodigo .................... 21
4.3. Pagrerepaso sa Kodigo.................... 21
4.4. Halaga sa kontrata ng Kodigo.................... 22



Saipem Classification - General Use

## KABANATA 8

## KODIGO NG ETIKA NG SAIPEM

## INTRODUKSYON

Ang Saipem[1] ay isang internasyonal na industrial group, na dahil sa laki at kahalagahan ng mga gawain nito, ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa merkado at sa pagsulong ng ekonomiya at kapakanan ng mga indibidwal na nagtatrabaho sa o nakikipagtulungan sa Saipem at sa mga lugar kung saan ito matatagpuan.

Ang pagiging komplikado ng mga sitwasyon na kinakaharap ng Saipem, ang mga hamon para mapanatili ang pagsulong at ang pangangailangan na isaalang-alang ang mga interes ng lahat ng may lehitimong interes sa negosyo ng kompanya (mga "Stakeholder"), ay lalong nagdiriin sa kahalagahan ng malinaw na pagpapaliwanag sa mga pamantayan na tinatanggap, kinikilala, at ibinabahagi ng Saipem, pati na rin ang mga responsibilidad na inaako nito, na tumutulong sa pagbibigay ng mas magandang kinabukasan para sa lahat.

Dahil dito, ginawa ang Kodigo ng Etika ng Saipem ("**Kodigo**" o "**Kodigo ng Etika**"). Napakahalaga na sumunod sa Kodigo ng Saipem ang mga direktor, lehitimong awditor, manager, at empleyado, pati na rin ang lahat ng nagtatrabaho sa Italya at sa ibang bansa para makamit ang mga layunin ng Saipem, ("**mga Tauhan ng Saipem**"), na bawat isa ay may kanya-kanyang tungkulin at responsibilidad. Napakahalaga rin na sumunod sila sa mga legal at kontraktwal na probisyon na gumagabay sa kanilang kaugnayan sa Saipem – para sa pagiging epektibo, maaasahan, at reputasyon ng Saipem, na lahat ng ito ay mahahalagang salik sa tagumpay nito at pagpapahusay ng papel ng Saipem sa lipunan.

Itataguyod ng Saipem na magkaroon ng kaalaman tungkol sa Kodigo ang mga Tauhan ng Saipem at iba pang mga Stakeholder, at tatanggapin ang kanilang positibong kontribusyon sa mga prinsipyo at nilalaman ng Kodigo. Isasaalang-alang ng Saipem ang anumang mungkahi at komento ng mga Stakeholder, sa layuning kumpirmahin o isama ito sa Kodigo.

Maingat na mino-monitor ng Saipem ang pagsunod sa Kodigo sa pamamagitan ng paglalaan ng mga angkop na instrumento at pamamaraan na isinaad sa mga dokumento ng regulasyon[2] para sa impormasyon, pag-iingat, at pagkontrol at para matiyak ang transparency sa lahat ng transaksyon at paggawi, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga hakbang sa pagtutuwid kung kinakailangan. Ang Compliance Committee o iba pang katumbas na komite sa bawat kompanya ng Saipem ay gumaganap ng tungkulin bilang guarantor (tagapanagot) sa Kodigo ng Etika (ang "**Tagapanagot**").

Ang Kodigo ay ipinabibigay-alam sa lahat ng katransaksyon ng Saipem sa negosyo.

---

[1] Nangangahulugan ang "Saipem" ng Saipem S.p.A.at ang mga direkta at di-direktang sangay nito, sa Italya at sa ibang bansa.

[2] Ang "mga dokumento ng regulasyon" ay mga dokumento tungkol sa mga patakaran, proseso, at espisipikong mga isyu/aspekto ng interes ng kompanya, na may layuning matiyak na nagkakaisa sa paggawi, pati na rin sa pagsusulong ng mga layunin sa pagsunod, paglalarawan sa mga gawain at/o responsibilidad ng mga istruktura ng organisasyon na nasasangkot sa mga kinokontrol na proseso, ang pangangasiwa at mga pamamaraan sa kontrol at ang mga daloy ng impormasyon.



Saipem Classification - General Use

## 1. Pangkalahatang mga prinsipyo: kakayahang mapanatili at responsibilidad ng korporasyon

Ang pagsunod sa mga batas, regulasyon, probisyon ng batas, kodigo ng Corporate Governance, integridad sa etika, at pagiging patas, ay ang di-nagbabagong pangako at tungkulin ng lahat ng Tauhan ng Saipem, at ito ang katangian ng paggawi ng buong organisasyon ng Saipem.

Ang negosyo at mga gawain ng Saipem ay isasagawa sa isang malinaw, tapat, at patas na paraan, mapagkakatiwalaan, at lubos na nakakasunod sa mga alituntunin ng kompetisyon.

Pananatilihin at palalakasin ng Saipem ang isang sistema ng pangangasiwa na kaayon sa mga internasyonal na pamantayan para sa mahusay na pamamalakad, na may kakayahang pangasiwaan ang mga komplikadong sitwasyon na kinakaharap ng Saipem at ang mga hamon para mapanatili ang pag-unlad.

Ipinatupad ang mga sistematikong paraan para maisangkot ang mga Stakeholder, na nagtataguyod ng talakayan sa kakayahang mapanatili at responsibilidad ng korporasyon.

Sa pagsasagawa ng mga aktibidad nito bilang isang internasyonal na kompanya at para sa mga partner nito, naninindigan ang Saipem para sa proteksyon at pagtataguyod ng mga karapatang pantao, na hindi pwedeng ipagkait at mahahalagang karapatan ng mga tao at batayan para sa pagtatatag ng mga lipunan na batay sa mga prinsipyo ng pagkakapantay-pantay, pagkakaisa, pagtanggi sa giyera, at para sa proteksyon ng mga karapatang sibil at politikal, mga karapatang panlipunan, pang-ekonomiya at kultural na mga karapatan, at ang tinatawag na mga karapatan ng ikatlong henerasyon (karapatan na magpasiya para sa sarili, karapatan sa kapayapaan, karapatan sa pag-unlad, at para sa proteksyon ng kapaligiran).

Naniniwala ang Saipem na ang pamamalakad nito ay hindi dapat sa paanumang paraan na pumapabor o kumukunsinti sa mga paglabag sa mga karapatang pantao at iba pang mga ilegal na gawain tulad ng ilegal na pagkuha ng pondo at anumang anyo ng pagbibigay ng pondo sa mga terorista, at nangangako na sisiguraduhin, sa pamamagitan ng pamamalakad nito, ang ganap na pagsunod sa at pagigigng epektibo ng mga restriksyon at limitasyon na itinakda ng pambansa at internasyonal na batas sa bagay na ito.

Hindi pinapahintulutan ang anumang uri ng diskriminasyon, katiwalian, puwersahang pagtatrabaho o pagtatrabaho ng mga bata. Pinagtutuunan ng pansin ang pagkilala at proteksyon ng dignidad, kalayaan, at pagkakapantay-pantay ng mga tao, ang proteksyon sa manggagawa at ang kalayaan ng sumali sa unyon, proteksyon sa kalusugan, kaligtasan, kapaligiran, at biodiversity, pati na rin ang mga pamantayan at prinsipyo hinggil sa transparency, matipid na paggamit ng enerhiya, at napapanatiling pag-unlad, na alinsunod sa mga Internasyonal na Institusyon at Kasunduan.

Kaugnay nito, nag-o-operate ang Saipem alinsunod sa mga internasyonal na probisyon ng Universal Declaration of Human Rights ng United Nations at ng sumusunod na mga kombensiyon:

- ang Kombensiyon sa proteksyon ng mga pinansyal na interes ng European Communities (Brussels, Hulyo 26, 1995) at nauugnay na unang Protocol (Dublin, Setyembre 27, 1996);

- ang Kombensiyon sa paglaban sa katiwalian na kinasasangkutan ng mga opisyal ng European Communities o mga opisyal ng Miyembrong Estado ng European Union (Brussels, Mayo 26, 1997);
- ang OECD na Kombensiyon sa Paglaban sa Panunuhol ng mga Foreign Public Official sa mga Internasyonal na Transaksyon sa Negosyo (Paris, Disyembre 17, 1997);
- ang pundamental na mga Kombensiyon ng ILO-International Labour Organization (Hunyo 18, 1998)
- ang mga Tagubilin ng Organization for Economic Cooperation and Development (OECD) para sa mga multinasyonal na kompanya.

Isinasaalang-alang din ng Saipem ang mga probisyon ng pambansang batas pangunahin na para sa paglaban sa krimen sa korporasyon, at sa partikular, ang mga kontrol at mekanismo sa pag-iwas at kontrol na isinasaad sa mga legal na probisyon.

Lahat ng Tauhan ng Saipem, nang walang kahit anong uri ng pagkakaiba o eksepsyon, ay dapat na gumalang sa mga prinsipyo at nilalaman ng Kodigo at iayon dito ang kanilang mga pagkilos at paggawi may kaugnayan sa kanilang mga tungkulin at gawain, anupa't nalalaman nila na ang pagsunod sa Kodigo ay lubos na mahalaga para sa kalidad ng kanilang pagtatrabaho at propesyon. Ang mga ugnayan sa pagitan ng mga Tauhan ng Saipem, sa lahat ng antas, ay dapat inuugitan ng integridad, pagiging patas, kooperasyon, katapatan, at paggalang sa isa't isa.

Ang paniniwala na kumikilos para sa pabor o kapakinabangan ng Saipem ay hindi kailanman, sa anumang paraan, magiging katanggap-tanggap na dahilan para sa paglabag sa mga prinsipyo at nilalaman ng Kodigo.

## 2. Mga pamantayan sa paggawi at ugnayan sa mga Stakeholder

### 2.1. <u>Etika, transparency, pagiging patas, at pagiging propesyonal</u>

Sa mga ugnayan nito sa negosyo, gaano man ito kahalaga, ang Saipem ay inuugitan at sumusunod sa mga prinsipyo ng katapatan, pagiging patas, transparency, kahusayan, at pagiging bukas sa merkado.

Anumang pagkilos, transaksyon, at negosasyon na isinasagawa at, sa pangkalahatan, ang paggawi ng mga Tauhan ng Saipem sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin, ay ginagabayan ng pinakamatataas na prinsipyo ng pagiging patas, pagiging kumpleto, at transparency ng impormasyon at pagiging lehitimo, sa parehong anyo at diwa nito, at pati na rin ang kalinawan at pagiging totoo ng lahat ng rekord sa accounting, bilang pagsunod sa mga naaangkop na batas na ipinapatupad at mga dokumento ng regulasyon.

Lahat ng aktibidad ng Saipem ay dapat gawin nang may lubos na pag-aasikaso at kakayahang propesyonal, kasama ng tungkulin ng pagbibigay ng mga kakayahan at kahusayan na angkop sa iniatas na gawain, at kumilos sa paraang mapoprotektahan ang imahe at reputasyon ng Saipem. Ang mga layunin ng kompanya, pati na rin ang mga panukala at pagpapatupad ng mga proyekto, mga investment at pagkilos, ay dapat nakatuon sa pagpapa-improve ng mga asset ng kompanya, pangangasiwa, antas ng teknolohiya at impormasyon sa kalaunan, at sa paglikha ng kahalagahan

at kapakanan para sa lahat ng Stakeholder.

Ang mga suhol, hindi lehitimong pabor, sabwatan, kahilingan para sa personal na pakinabang o para sa pakinabang ng iba, nang tuwiran o sa pamamagitan ng mga third party, ay ipinagbabawal nang walang eksepsyon.

Ipinagbabawal ang pagbabayad o pag-aalok, nang tuwiran o di-tuwiran, ng pera at mga materyal na bagay at iba pang uri ng mga pakinabang sa mga third party, mga kinatawan man ito ng gobyerno, pampublikong opisyal o naglilingkod sa publiko o pribadong empleyado, para maimpluwensyahan ang pagkilos o bayaran ang serbisyo ng kanilang tanggapan.

Ang pagbibigay ng pabor sa negosyo, tulad ng maliliit na regalo o mga pagpapakita ng hospitality, ay pinapahintulutan lamang kapag maliit lang ang halaga nito at hindi nito naikokompromiso ang integridad at reputasyon ng alinmang partido, at hindi maiisip ng isang walang kinikilingang tagamasid na ginawa iyon para makakuha ng mga di-nararapat na pakinabang. Anuman ang sitwasyon, ang ganitong uri ng pagbibigay o kabayaran ay dapat na laging may pahintulot ng indibidwal na may posisyon na binabanggit sa mga dokumento ng regulasyon at dapat na wastong maidokumento ito.

Hindi dapat tanggapin ang mga regalong pera mula sa mga indibidwal o kompanyang may pakikipagnegosyo o nagpaplanong makipagnegosyo sa Saipem. Sinumang tumatanggap ng mga alok ng regalo o espesyal na pakikitungo o hospitality na hindi maituturing na pabor sa negosyo na maliit lang ang halaga, o mga kahilingan ng mga third party, ay dapat na tumanggi sa mga ito at ipagbigay-alam kaagad sa kanilang superior, o sa departamento na kinabibilangan nila, at pati na rin sa Tagapanagot.

Dapat na ipagbigay-alam ng Saipem sa lahat ng third party ang tungkol sa mga pangako at obligasyon na isinasaad sa Kodigo, hilingin sa mga third party na igalang ang mga prinsipyo ng Kodigo na may kaugnayan sa kanilang mga aktibidad at gumawa ng mga naaangkop na internal na aksyon at, kung ang isyu ay tungkol sa kanilang sariling kakayahan na sumunod, gagawa ng mga external na aksyon kung mabigong sumunod ang isang third party sa Kodigo.

## 2.2. <u>Ugnayan sa mga shareholder at sa Merkado</u>

### 2.2.1. Kahalagahan para sa mga shareholder, kahusayan, transparency

Ang internal na istruktura ng Saipem at ang mga ugnayan nito sa mga partido na tuwiran at di-tuwirang nakikibahagi sa mga aktibidad nito ay pinapangasiwaan sa paraang matitiyak ang pagkamaaasahan ng management at pagkakaroon ng pagkamakatuwiran at balanse sa pagitan ng kapangyarihan ng management at ang mga interes ng mga shareholder at ng iba pang mga Stakeholder sa pangkalahatan, pati na rin ang pagtiyak sa transparency at kaalaman sa merkado ng mga desisyon ng management at ang mga karaniwang kaganapan sa kompanya na maaaring makaimpluwensya nang malaki sa halaga sa merkado ng mga ginamit na pinansyal na instrumento.

Sa loob ng istruktura ng mga inisyatiba na nakatuon sa pag-maximize ng halaga para sa mga shareholder at paggarantiya ng transparency ng mga gawain ng management, ipinapaliwanag,

ipinapatupad, at patuloy na isinasaayos ng Saipem ang isang maayos at nagkakaisang hanay ng mga tuntunin sa paggawi hinggil sa internal na istruktura ng organisasyon at ang mga ugnayan nito sa mga shareholder at third party, bilang pagsunod sa pinakamataas na mga pamantayan sa corporate governance sa lokal at internasyonal na antas, batay sa kamalayan na ang kakayahan ng kompanya na ipatupad ang mahuhusay at epektibong mga gumaganang tuntunin ay isang mahalagang bagay sa pagpapatibay ng reputasyon nito pagdating sa pagkamaaasahan at transparency, pati na rin sa tiwala ng mga Stakeholder.

Titiyakin ng Saipem na magawa ng mga shareholder na makibahagi sa paggawa ng mga desisyon kaugnay ng kanilang responsibilidad at makagawa ng mga may-kabatirang pagpili. Kaya titiyakin ng Saipem na maisiwalat ang impormasyon sa mga shareholder at merkado nang may lubos na transparency at napapanahon – gamit ang, bukod sa iba pang mga bagay, website ng kompanya – alinsunod sa mga batas at regulasyon para sa mga pampublikong kompanya.

Higit pa rito, isasaalang-alang din ng Saipem ang mga lehitimong tagubilin ng mga shareholder kapag may karapatan silang gawin ito.

### 2.2.2. Corporate Governance Code

Ang mga pangunahing patakaran ng Saipem sa corporate governance, na binabanggit dito na kinakailangan, ay nakasaad sa Corporate Governance Code para sa mga pampublikong kompanya na inisyu ng Borsa Italiana, na sinusunod ng Saipem S.p.A.

### 2.2.3. Impormasyon ng Kompanya

Tinitiyak ng Saipem ang wastong pangangasiwa ng impormasyon ng kompanya sa pamamagitan ng mga naaangkop na mga pamamaraan para sa in-house management at external na komunikasyon.

### 2.2.4. Mahalaga o Lihim na Impormasyon

Kahilingan sa lahat ng Tauhan ng Saipem, habang isinasagawa ang mga gawain nila, na gamitin ang mga mahalaga o lihim na impormasyon nang tama at malaman at sumunod sa mga dokumento ng regulasyon hinggil sa pag-aabuso sa merkado. Malinaw na ipinagbabawal ang insider trading at anumang paggawi na maaaring magtaguyod sa insider trading. Sa anumang kaso, ang pagbili o pagbebenta ng mga share ng Saipem o ng mga kompanya sa labas ng Saipem ay palaging dapat ibatay sa lubos at malinaw na pagiging patas.

### 2.2.5. Media

Magbibigay ang Saipem ng totoo, mabilis, malinaw, at tumpak na impormasyon sa publiko.

Ang pakikipag-ugnayan sa media ay gagawin lamang ng mga departamento at manager na partikular na inatasang gumawa nito; lahat ng Tauhan ng Saipem ng nauugnay na istruktura ng Saipem ay patiunang sasang-ayon sa impormasyon na ibibigay sa mga kinatawan ng media, pati na rin ang pangakong magbigay ng naturang impormasyon.



Saipem Classification - General Use

## 2.3. Ugnayan sa mga institusyon, samahan, at lokal na komunidad

Hinihikayat ng Saipem ang pakikipagtalakayan sa mga Institusyon at sa mga organisadong samahan ng lipunan sa lahat ng bansa kung saan ito nag-o-operate.

### 2.3.1. Awtoridad at mga Pampublikong Institusyon

Ang Saipem, sa pamamagitan ng mga tauhan nito, ay aktibo at ganap na nakikipagtulungan sa mga Awtoridad.

Ang mga Tauhan ng Saipem, pati na rin ang mga external na collaborator na ang mga gawain ay maaaring maiugnay sa Saipem, ay dapat na magpakita ng paggawi tungo sa Administrasyong Pampubliko na kakikitaan ng pagiging patas, may transparency, at may traceability. Ang ganitong mga ugnayan ay pangangasiwaan lamang ng mga may nauugnay na tungkulin at posisyon, alinsunod sa mga aprubadong plano at dokumento ng regulasyon.

Ang tungkulin ng mga kaukulang sangay ay dapat magkaroon ng koordinasyon sa nauugnay na istruktura ng Saipem para sa paunang pagsusuri sa kalidad ng mga inisyatiba na gagamitin at para sa pagbabahagi, pagpapatupad, at pagmo-monitor ng mga aksyong ito.

Ipinagbabawal ang pagsasabi ng mga di-totoong pahayag, o panghihikayat o paghimok na magsabi nito, sa mga Awtoridad.

### 2.3.2. Mga politikal na organisasyon at unyon

Hindi nagbibigay ang Saipem ng tuwiran o di-tuwirang kontribusyon, sa anumang uri, sa mga politikal na partido, kilusan, komite, politikal na organisasyon at unyon, o sa kanilang mga kinatawan at kandidato. Maaaring magbigay ng tuwiran o di-tuwirang kontribusyon sa mga unyon at kanilang mga kinatawan kung ito ay kailangan at hinihiling ng batas o ng nalalapat na pinagsamang mga kontrata sa trabaho[3].

### 2.3.3. Pag-unlad ng mga lokal na Komunidad

Dedikado ang Saipem sa aktibong pagtulong sa pagtataguyod ng magandang kalidad ng pamumuhay, sa socio-economic na pag-unlad ng mga komunidad kung saan nag-o-operate ang Saipem, at sa pag-unlad ng kanilang human resources at mga kakayahan, habang isinasagawa ang mga negosyo nito ayon sa mga pamantayan na katugma sa patas na mga pamamalakad sa pangangalakal.

Ang mga aktibidad ng Saipem ay isinasagawa nang may kamalayan sa responsibilidad ng Saipem sa lipunan para sa lahat ng Stakeholder nito at partikular na sa mga lokal na komunidad kung saan ito nag-o-operate, sa paniniwala na ang kapasidad para sa talakayan at interaksyon sa lipunan ay isa sa mahahalagang asset para sa kompanya. Iginagalang ng Saipem ang mga karapatan sa kultura, ekonomiya, at lipunan ng mga lokal na komunidad kung saan ito nag-o-operate at

[3] Ang mga posibleng kontribusyon para sa mga supranational union sa kalakalan sa dagat ay dapat tahasang naaprubahan ng *Chief People, HSEQ and Sustainability Officer*.

nangangakong tumulong, hangga't maaari, sila mismo ang magpapatupad, at partikular na binibigyang-pansin ang karapatan para sa sapat na nutrisyon, tubig na maiinom, pinakamataas na antas ng pisikal at mental na kalusugan na pwedeng matamo, maayos na mga tirahan, edukasyon, habang iniiwasan ang mga pagkilos na maaaring makapigil o makahadlang sa pagpapatupad ng mga nasabing karapatan.

Itinataguyod ng Saipem ang transparency ng impormasyon na para sa mga lokal na komunidad, na may partikular na pagtukoy sa mga paksang pinakainteresado sila. Itinataguyod din ang mga anyo ng patuloy at may-kabatirang konsultasyon, sa pamamagitan ng mga nauugnay na istruktura ng Saipem, upang maisaalang-alang ang mga lehitimong inaasahan ng mga lokal na komunidad sa pag-iisip at pagsasagawa ng mga gawain ng kompanya, at upang maitaguyod ang wastong pamamahagi ng mga kita na mula sa mga nasabing aktibidad na ito.

Kaya itataguyod ng Saipem ang kaalaman tungkol sa mga pamantayan at prinsipyo ng kompanya, sa bawat antas ng organisasyon nito, at pati na rin sa pamamagitan ng paglalabas ng mga naaangkop na dokumento ng regulasyon, at para protektahan ang mga karapatan ng mga lokal na komunidad, na partikular na binibigyang-pansin ang kanilang kultura, mga institusyon, ugnayan, at paraan ng pamumuhay.

Sa loob ng istruktura ng kani-kanilang mga responsibilidad, ang mga Tauhan ng Saipem ay makikilahok sa pagbuo ng mga indibidwal na inisyatiba na kaayon sa mga patakaran ng Saipem at mga programa nito sa pakikisangkot, ipatupad ang mga ito ayon sa criteria ng ganap na transparency at suportahan ang mga ito bilang isang mahalagang bahagi ng mga layunin ng Saipem.

### 2.3.4. Pagtataguyod ng mga “non profit” na aktibidad

Ang mga aktibidad ng Saipem sa pagkakawanggawa ay naaayon sa mithiin nito at pagtutuon ng pansin sa napapanatiling pag-unlad.

Kaya isusulong, susuportahan, at itataguyod ng Saipem sa mga tauhan nito ang mga “non-profit” na aktibidad nito, na katunayan ng pangako ng Kompanya sa pagtulong na matugunan ang mga pangangailangan ng mga komunidad kung saan ito nag-o-operate.

## 2.4. <u>Ugnayan sa mga kliyente at supplier</u>

### 2.4.1. Mga kliyente

Nakakamit ng Saipem ang tagumpay sa negosyo nito sa mga merkado sa pamamagitan ng paglalaan ng mga produkto at serbisyong de-kalidad sa ilalim ng mga kompetisyon habang iginagalang ang mga tuntunin para sa patas na kompetisyon.

Igagalang ng Saipem ang karapatan ng mga kliyente na huwag tumanggap ng mga produktong makakasama sa kanilang kalusugan at pisikal na integridad at makakuha ng kumpletong impormasyon sa mga produkto na iniaalok sa kanila.

Kinikilala ng Saipem na ang mga pagnanais ng mga humihiling ng produkto o serbisyo ay ang pinakamahalaga para sa tagumpay ng negosyo. Ang mga patakaran sa pagnenegosyo ay nakatuon sa pagtiyak ng kalidad ng mga produkto at serbisyo, kaligtasan at pagsunod sa prinsipyo ng pag-iingat. Kung gayon, ang mga Tauhan ng Saipem ay dapat na:

- sumunod sa mga dokumento ng regulasyon tungkol sa pagma-manage ng mga ugnayan sa mga kliyente;
- mag-supply, nang may kahusayan at paggalang at hindi lumalagpas sa mga limitasyon na itinakda ng mga kondisyon ng kontrata, ng de-kalidad na mga produkto at serbisyo na nakakatugon sa mga makatuwirang inaasahan at pangangailangan ng mga kliyente;
- magbigay ng tumpak at detalyadong impormasyon tungkol sa mga produkto at serbisyo at maging totoo sa mga advertisment o iba pang uri ng komunikasyon, para ang mga kliyente ay makagawa ng mga may-kabatirang desisyon.

### 2.4.2. Mga supplier at external na collaborator

Tinitiyak ng Saipem na makahanap ng mga supplier at external na collaborator na may angkop na propesyonalismo at dedikado na ibahagi ang mga prinsipyo at nilalaman ng Kodigo at itaguyod ang pagtatatag ng mga pangmatagalang ugnayan para sa patuloy na pag-improve ng mga performance habang pinoprotektahan at itinataguyod ang mga prinsipyo at nilalaman ng Kodigo.

Sa mga ugnayan hinggil sa pag-aalok ng presyo, pagkuha, at sa pangkalahatan, pagsu-supply ng mga produkto at/o serbisyo at sa mga external na kolaborasyon (kabilang na ang mga consultant, ahente, atbp.), ang mga Tauhan ng Saipem ay dapat na:

- sumunod sa mga dokumento ng regulasyon hinggil sa pagpili at ugnayan sa mga supplier at external na collaborator at umiwas sa hindi pagpapahintulot sa sinumang supplier na nakakatugon sa mga kahilingan na makasali sa pagbi-bid para sa mga order ng Saipem; magpatupad ng mga naaangkop at walang kinikilingang paraan ng pagpili, batay sa naitatag at malinaw na criteria;
- matamo ang pakikipagtulungan ng mga supplier at external na collaborator upang matiyak na patuloy na nasisiyahan ang mga kliyente ng Saipem sa antas na angkop sa kanilang mga lehitimong inaasahan pagdating sa kalidad, mga halaga at oras ng paghahatid ng produkto o serbisyo;
- gamitin hangga't maaari, nang alinsunod sa mga umiiral na batas at ayon sa criteria ng pagiging legal ng mga transaksyon sa mga kaugnay na partido, ang mga produkto at serbisyong isinu-supply ng mga kompanya ng Saipem nang patas at ayon sa kondisyon ng merkado;
- isaad sa mga kontrata ang pagkilala sa Kodigo at ang obligasyon na sumunod sa mga prinsipyong nilalaman nito;
- sumunod at hilingin ang pagsunod sa, mga kondisyong nilalaman ng mga kontrata;
- panatilihin ang isang tapat at bukas na pakikipagtalakayan sa mga supplier at external na collaborator, na naaayon sa mahuhusay na pamamalakad sa negosyo; maagap na ipagbigay-alam sa mga superior, at sa Tagapanagot, ang tungkol sa anumang posibleng paglabag sa Kodigo;
- ipabatid sa mga nauugnay na kaayusan ng Saipem ang tungkol sa anumang seryosong problema sa isang partikular na supplier o external na collaborator, para masuri ang mga posibleng magiging resulta nito sa Saipem.

Ang ibibigay na bayad ay dapat na katumbas lamang ng mga serbisyong isasaad sa kontrata; ang mga bayad ay hindi ibibigay sa anumang partido maliban sa counterparty ng kontrata o ng nasa third Country na iba sa Bansa ng mga partido o ang Bansa kung saan isasagawa ang kontrata[4].

Higit pa rito, naglalaan ang Saipem ng detalyadong sistema na pag-assess sa supplier, na nagbibigay-daan sa pagpapatupad ng mga hakbang (pagmo-monitor, pag-o-awtorisa, pagsuspinde, pag-withdraw) para sa supplier kung napag-alaman na kumikilos ito nang salungat sa mga prinsipyo na nasa Kodigo ng Etika, simula sa yugto ng kwalipikasyon.

## 2.5. Management, mga empleyado, at mga collaborator ng Saipem

### 2.5.1. Pagsulong at proteksyon sa Human Resources

Ang mga tao ay mahalagang aspekto sa buhay ng isang kompanya. Ang dedikasyon at propesyonalismo ng management at ng mga empleyado ay mahahalagang bagay at kondisyon sa pagtatamo ng mga layunin ng Saipem.

Dedikado ang Saipem na mapahusay ang mga abilidad at kakayahan ng management at mga empleyado upang ang kanilang lakas at pagkamalikhain ay ganap na maipakita para sa pag-abot ng kanilang potensyal sa pagtatrabaho, at para sa pagprotekta sa mga kondisyon sa trabaho na nakakaapekto sa mental at pisikal na kalusugan ng mga manggagawa at sa dignidad nila. Ang labis na panggigipit o hirap ay hindi pinapahintulutan, habang ang tamang kondisyon sa pagtataguyod ng pag-unlad ng personalidad at propesyonalismo ay inaalagaan.

Nangangako ang Saipem na magbigay, habang ganap na sumusunod sa nalalapat na mga legal at kontraktwal na probisyon, ng pantay-pantay na oportunidad sa lahat ng empleyado nito, na tinitiyak na ang bawat isa sa kanila ay tumatanggap ng patas at tamang suweldo na batay lamang sa kanilang galing at kahusayan, nang walang anumang uri ng diskriminasyon.

Tungkulin na:

- pairalin sa kahit na anong sitwasyon ang criteria ng galing at abilidad (at sa anumang paraan ay mahigpit na propesyonal) sa lahat ng desisyon hinggil sa human resources;
- pumili, mag-hire, magsanay, bayaran, at i-manage ang human resources nang walang anumang uri ng diskriminasyon;
- lumikha ng isang kapaligiran ng trabaho kung saan ang mga personal na katangian o paniniwala ay hindi nagreresulta sa diskriminasyon, na nakapagbibigay ng payapang kapaligiran para sa lahat ng Tauhan ng Saipem.

---

[4] Para sa layunin ng paglalapat ng ban, ang bansa ay hindi itinuturing na third country kung ang isang kompanya/organisasyon, na counterparty ng Saipem, ay nagtatag dito ng kaniyang sentralisadong treasury department at/o kung naitatag nito, nang buo o bahagi, ang mga opisina o operating unit na tumatakbo at kinakailangan para sa pagpapatupad ng kontrata, na sa bawat kaso ay naipapatupad ang lahat ng karagdagang paraan ng pagkontrol na itinatakda sa panloob na mga dokumento ng regulasyon hinggil sa pagpili ng mga partner at pagbabayad.

Dapat tandaan na, para sa mga layunin ng pagbabawal, ang centralized treasury ay maaaring hawakan kasama ng isa pang kumpanya ng parehong grupo kung saan kabilang ang supplier, na napapailalim sa mga naaangkop na pagsusuring magpapalaya sa Saipem mula sa mga kontraktwal na obligasyon nito at mga naaangkop na pagsusuri sa karangalan ng pangalan ng kumpanya na tatanggap ng bayad.

Bukod dito, ang mga pagbabayad na ginawa sa Euro sa mga kasalukuyang account na matatagpuan sa mga bansang SEPA (Single Euro Payments Area) ay hindi itinuturing na Mga Ikatlong Bansa para sa mga layunin ng pagbabawal na ito.

Hangad ng Saipem na lahat ng Tauhan ng Saipem, sa bawat antas, ay makipagtulungan sa pagpapanatili ng isang kapaligiran na may paggalang sa dignidad, dangal, at reputasyon ng bawat isa. Kikilos ang Saipem para maiwasan ang nakakasakit, nagtatangi, o mapang-abusong paggawi sa pagitan ng mga indibidwal. Itinuturing din na kasali dito ang mga paggawi sa labas ng lugar ng trabaho na sa tingin ng publiko ay nakakasakit.

Laging ipinagbabawal nang walang eksepsyon ang paggawing kakikitaan ng pisikal o moral na karahasan.

### 2.5.2. Pagma-manage sa Kaalaman

Itinataguyod ng Saipem ang kultura at mga inisyatiba na nakatuon sa pamamahagi ng kaalaman sa loob ng organisasyon nito, at pagbibigay-pansin sa mga pamantayan, prinsipyo, paggawi at kontribusyon sa inobasyon ng mga propesyonal na pamilya na may kaugnayan sa pagsulong ng mga negosyo nito at ng napapanatiling pagsulong ng kompanya.

Magbibigay ang Saipem ng mga tool para sa interaksyon sa pagitan ng mga miyembro ng mga propesyonal na pamilya at mga nagtatrabahong grupo, pati na rin ang koordinasyon at access sa kaalaman, at itataguyod ang mga inisyatiba para sa pagsulong, pamamahagi, at pag-oorganisa ng kaalaman na may kaugnayan sa mga susing kaalaman ng istruktura ng organisasyon nito at nakatuon sa pagbuo ng angkop na sangguniang istruktura para matiyak na hindi nagbabago ang pamamalakad.

Lahat ng Tauhan ng Saipem ay aktibong mag-aambag sa mga proseso ng Pagma-manage sa Kaalaman sa mga aktibidad na kaugnay ng kanilang responsibilidad, para mapahusay ang sistema na pagbabahagi at pagpapalaganap ng kaalaman sa mga indibidwal.

### 2.5.3. Seguridad ng kompanya

Ang Saipem ay nakikisangkot sa pag-aaral, pagpapaunlad, at pagpapatupad ng mga estratehiya, patakaran, at plano ng pamamalakad na nakatuon sa pag-iwas at pananaig sa anumang sadya o di-sadyang paggawi na maaaring magdulot ng direkta o di-direktang pinsala sa mga Tauhan ng Saipem at/o sa mga tangible at intangible resources ng kompanya. Ang mga hakbang para sa pag-iwas at depensa, na nakatuon sa pagma-maximize ng pangangailangan para sa aktibong pagtugon - na palaging katugma ng pag-atake - sa mga banta sa mga tauhan at asset, ay pinapaboran.

Ang lahat ng Tauhan ng Saipem ay aktibong tutulong sa pagpapanatili ng isang napakahusay na pamantayan ng seguridad ng kompanya, na umiiwas mula sa labag sa batas o mapanganib na mga paggawi, at iniuulat ang anumang aktibidad na isinasagawa ng mga third party na maaaring makapagdulot ng pinsala sa mga asset ng Saipem o sa mga tauhan hanggang sa mga superior nito o sa departamento na kinabibilangan nila, at pati na rin sa nauugnay na istruktura ng Saipem.

Sa anumang pangyayari na nangangailangan ng partikular na atensyon sa personal na kaligtasan, ang mga Tauhan ng Saipem ay obligado na sumunod sa mga gabay tungkol dito na inilaan ng Saipem, na umiiwas sa mga paggawi na maaaring magsapanganib ng kaligtasan ng isa o ng iba, na maagap na nag-uulat sa kanilang superior ng anumang panganib sa sariling kaligtasan, o



Saipem Classification - General Use

kaligtasan ng mga third party.

### 2.5.4. Mga pangha-harass o panliligalig sa lugar ng trabaho

Sinusuportahan ng Saipem ang mga inisyatiba na nakatuon sa pagpapatupad ng mga gumaganang pamamaraan para pangalagaan ang kapakanan sa organisasyon.

Ipinag-uutos ng Saipem na wala dapat nangyayaring pangha-harass o mga paggawi na maituturing na panliligalig sa mga personal na ugnayan sa trabaho, sa loob man o labas ng kompanya. Kabilang sa mga paggawing ito ang:

- paglikha ng kapaligiran na nakakatakot, malupit, nagbubukod o may anumang uri ng diskrimasyon, para sa bawat isa sa mga empleyado o grupo ng mga empleyado;
- walang basehan na pakikialam sa trabaho ng iba;
- ang paglalagay ng mga hadlang na nakakasagabal sa mga inaasahan sa trabaho ng iba dahil lamang sa personal na pakikipagkompetensya o ginagawa ito para sa ibang mga empleyado.

Ipinagbabawal ang anumang uri ng karahasan o pagha-harass, ito man ay sekswal na pangha-harass o pangha-harass dahil sa personal na pagkakaiba o pagkakaiba dahil sa kultura. Kabilang sa mga paggawing ito ang:

- paghiling ng mga desisyon na may kaugnayan sa trabaho ng nasabing tao, na ang kapalit ay pagtanggap ng mga sekswal na interes, o personal at kultural na pagkakaiba;
- pagkuha ng mga sekswal na pabor gamit ang posisyon ng isa;
- pagmumungkahi ng mga pribado at personal na ugnayan sa isang tao sa kabila ng kaniyang maliwanag o makatuwirang pagtanggi;
- pagbanggit at pagtukoy sa mga kapansanan at pisikal o mental na problema, o sa mga uri ng pagkakaiba hinggil sa kultura, relihiyon, o sekswalidad.

### 2.5.5. Pag-abuso sa alak o droga at pagbabawal sa paninigarilyo

Lahat ng Tauhan ng Saipem ay dapat na personal na mag-ambag sa pagtataguyod at pagpapanatili ng isang kapaligiran sa lugar ng trabaho na may paggalang sa isa't isa; partikular na ang paggalang sa mga nararamdaman ng iba.

Titingnan ng Saipem ang mga indibidwal na nagtatrabaho nang nakainom o nasa impluwensya ng bawal na gamot, o iba pang mga substance na may katulad na epekto, habang isinasagawa ang kanilang trabaho at sa lugar ng trabaho, sa pagkaalam ng panganib na kanilang maidudulot. Ang talamak na pagkalulong sa nasabing mga substance, kapag nakakaapekto ito sa pagsasagawa ng trabaho, ay ituturing tulad ng nabanggit sa itaas na may kaugnayan sa mga kahihinatnan batay sa kontrata; may pananagutan ang Saipem na umaksyon sa bagay na ito gaya ng isinasaad sa mga kontrata ng trabaho.

Ipinagbabawal na:

- magtago, gumamit, mag-alok, o magbigay, anuman ang dahilan, ng mga bawal na gamot o substance na may katulad na epekto, habang nagtatrabaho at sa lugar ng



Saipem Classification - General Use

trabaho;

- manigarilyo sa lugar ng trabaho. Sinusuportahan ng Saipem ang mga boluntaryong inisyatiba na para sa mga naninigarilyo upang makatulong sa kanila na huminto sa paninigarilyo at, sa pagtukoy sa mga posibleng lugar na pwedeng manigarilyo, partikular na isasaalang-alang ang pananaw na mga ayaw makalanghap ng usok ng sigarilyo sa lugar ng trabaho kung saan kasama din nila ang mga naninigarilyo, at ang mga humihiling na mabigyan ng proteksyon mula sa "second-hand smoke" sa kanilang lugar ng trabaho.

## 3. Mga instrumento para sa pagpapatupad ng Kodigo ng Etika

### 3.1. <u>Sistema ng internal na kontrol</u>

Itataguyod at papanatilihin ng Saipem ang isang maayos na sistema ng internal na kontrol, hal., lahat ng mga kinakailangan o magagamit na tool sa pagtugon, pangangasiwa, o pagsusuri ng mga aktibidad ng kompanya, na nakatuon sa pagtiyak na nasusunod ang mga batas at dokumento ng regulasyon, pagprotekta sa mga asset ng kompanya, mabisang pangangasiwa sa mga aktibidad, at paglalaan ng tumpak at kumpletong accounting at pinansyal na impormasyon.

Ang responsibilidad na magpatupad ng isang epektibong sistema ng internal na kontrol ay sinusunod sa bawat antas ng istruktura ng organisasyon ng Saipem; kaya lahat ng Tauhan ng Saipem, ayon sa kani-kanilang mga tungkulin at responsibilidad, ay dapat magpaliwanag at aktibong makilahok sa wastong pagpapatupad ng sistema ng internal na kontrol.

Itinataguyod ng Saipem, gayundin sa pamamagitan ng mga dokumento ng regulasyon, ang pagpapalaganap, sa bawat antas ng organisasyon nito, ng kultura ng pagkakaroon ng kamalayan sa pag-iral ng mga kontrol at kaisipan na pagtanggap sa may-kabatiran at boluntaryong kontrol; kaya ito ang pinakamahalaga para sa management ng Saipem at lahat ng Tauhan ng Saipem ay dapat na mag-ambag at lumahok sa sistema ng internal na kontrol ng Saipem, nang may positibong damdamin, na isangkot ang mga collaborator nito hinggil sa bagay na ito.

May pananagutan ang bawat empleyado sa tangible at intangible na mga asset ng kompanya na nauugnay sa kaniyang trabaho; walang empleyado ang pwedeng gumamit, o hayaan ang iba na gamitin, ang mga asset at resources ng Saipem sa maling paraan.

Ipinagbabawal nang walang eksepsyon ang anumang gawain o paggawi na may kaugnayan sa pagsasagawa o pakikilahok sa pandaraya.

Ang mga nagkokontrol at nangangasiwang grupo, ang Internal Audit at ang mga itinalagang auditing firm ay magkakaroon ng kumpletong access sa lahat ng data, dokumento, at impormasyong kinakailangan para magampanan ang kanilang mga gawain.

#### 3.1.1. Nagkakasalungatang mga interes

Kinikilala at iginagalang ng Saipem ang karapatan ng mga Tauhan ng Saipem na makibahagi sa mga pamumuhunan, negosyo, at iba pang mga aktibidad maliban sa aktibidad na isinasagawa para

sa interes ng Saipem, sa kondisyon na ang nasabing mga aktibidad ay pinapahintulutan ng batas at hindi sasalungat sa mga obligasyon nila sa Saipem. Sinusunod ng Saipem ang mga patakaran na isinasaad sa mga dokumento ng regulasyon para matiyak ang transparency at katumpakan ng mga pamamaraan ng transaksyon ng mga sangkot na partido at indibidwal.

Ang management at mga empleyado ng Saipem ay iiwas at mag-uulat sa anumang nagkakasalungatang mga interes sa pagitan ng mga pinansyal na gawain ng mga indibiwal at ng kanilang mga kapamilya at ang kanilang mga gawain sa kompanya. Sa partikular, iuulat ng lahat ng manager at empleyado ang anumang partikular na sitwasyon at aktibidad kung saan sila, o ayon sa nalalaman nila, ang kanilang asawa, mga kamag-anak, at mga kamag-anak ng kanilang asawa hanggang sa ikaapat na degree o mga kasama sa tinitirhan, ay may pang-negosyo o pinansyal na interes (may-ari o shareholder) sa mga supplier, kliyente, kakompetensya, third party, o kaukulang kompanya o sangay, at ipagbigay-alam kung sa mga kompanyang ito ay may tungkulin sila ng administrasyon o kontrol o pangangasiwa.

Nagkakaroon din ng pagkakasalungatan ng mga interes mula sa sumusunod na mga sitwasyon:

- paggamit ng posisyon sa kompanya, o ng impormasyon, o ng mga oportunidad sa trabaho/pagnenegosyo na natamo habang nagtatrabaho, para sa di-kinakailangang benepisyo para sa iba o para sa mga third party;
- ang pagsasagawa ng mga empleyado at/o kanilang mga kamag-anak ng anumang uri ng trabaho para sa mga supplier, sub-supplier, at mga kakompetensya.

Anuman ang kaso, ang management at mga empleyado ng Saipem ay iiwas sa anumang sitwasyon at aktibidad kung saan maaaring maging salungat ito sa interes ng Kompanya, o maaaring makaapekto sa kanilang kakayahan sa paggawa ng mga desisyon na walang kinikilingan na para sa kapakanan ng Saipem at ganap na nakakasunod sa mga prinsipyo at nilalaman ng Kodigo, o bilang pangkalahatan, sa kanilang kakayahan na ganap na sumunod sa kanilang mga tungkulin at responsibilidad.

Anumang sitwasyon na maaaring may kaugnayan o maging dahilan ng nagkakasalungatang mga interes ay dapat na iulat kaagad sa superior o sa departamento na kinabibilangan ng isa. Ipagbibigay-alam din ito ng mga empleyado, anumang ang sitwasyon, sa Human Resources at sa Tagapanagot sa pamamagitan ng nasusulat na ulat.

Ang mga partido na nasasangkot ay hihinto kaagad sa pakikibahagi sa proseso ng pag-o-operate/paggawa ng desisyon.

Ang superior o departamento, pagkatapos marinig ang opinyon ng Human Resources ay:

- kukumpirmahin kung mayroon talagang pagkakasalungatan ng interes at tutukuyin ang mga hakbang at solusyon para matiyak, sa partikular na kasong ito, ang transparency at pagiging patas sa mga paggawi sa pagsasagawa ng mga aktibidad;
- magpapadala sa mga nasasangkot ng nasusulat na kinakailangang mga tagubilin, at magpapadala rin ng kopya nito sa Human Resources at sa Tagapanagot;
- ipa-file ang mga dokumentasyon na natanggap at ipinadala.

### 3.1.2. Transparency ng mga rekord sa accounting

Ang transparency sa accounting ay nakasalig sa paggamit ng totoo, tumpak, at kumpletong impormasyon na nagiging batayan para sa mga entry sa mga libro ng accounting. Lahat ng miyembro ng mga departamento ng kompanya, manager o empleyado, ay gagawa, kaugnay ng kanilang responsibilidad, para matiyak na ang mga kaganapan sa pag-o-operate ay nairerekord nang wasto at nasa oras sa mga libro ng accounting.

Ipinagbabawal ang mga pagkilos na makakaapekto nang malaki sa transparency at traceability ng impormasyon sa mga financial statement.

Sa bawat transaksyon, ang mga wastong sumusuportang katibayan ay iingatan at itatago para:

- maging madali at nasa oras ang mga entry sa accounting;
- matukoy ang iba't ibang antas ng responsibilidad, pati na rin ang pamamahagi at segregasyon ng mga gawain;
- maging tumpak ang representasyon ng mga transaksyon upang maiwasan din ang posibilidad ng mga material or interpretative error.

Ang bawat tala ay dapat nagpapaliwanag nang eksakto kung ano ang ipinapakita ng sumusuportang katibayan. Tungkulin ng lahat ng Tauhan ng Saipem na gawing madaling masubaybayan at madaling mai-file ang dokumentasyon ng mga ito ayon sa isang lohikal na criteria.

Kapag may nalaman ang mga Tauhan ng Saipem ng anumang uri ng pagtatanggal, palsipikasyon, pagpapabaya sa accounting o sa mga dokumento kung saan nakabatay ang accounting, dapat nilang ipagbigay-alam ang tungkol dito sa kanilang superior, o sa departamento na kinabibilangan nila, at sa Tagapanagot.

## 3.2. Proteksyon sa kalusugan, kaligtasan, kapaligiran, at pampublikong kaligtasan

Ang mga gawain ng Saipem ay dapat isagawa alinsunod sa naaangkop na mga kasunduan ukol sa kalusugan at kaligtasan ng manggagawa, proteksyon sa kapaligiran at pampublikong kaligtasan, mga internasyonal na pamantayan at batas, mga regulasyon, mga administratibong pamamalakad at pambansang patakaran ng mga Bansa kung saan ito nag-o-operate.

Aktibong nakikipagtulungan ang Saipem na angkop sa pagtataguyod ng siyentipiko at teknolohikal na pag-unlad na nakatuon sa pagprotekta ng kapaligiran at mga likas na yaman. Ang pangangasiwa sa pagpapatakbo ng mga naturang gawain ay dapat isagawa ayon sa makabagong criteria para sa proteksyon ng kapaligiran at matipid na paggamit ng enerhiya, na may layuning lumikha ng mas mainam na mga kondisyon sa pagtatrabaho at protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga empleyado pati na rin ang kapaligiran.

Kaugnay ng kanilang mga responsibilidad, ang mga Tauhan ng Saipem ay aktibong makikibahagi sa proseso ng pag-iwas sa panganib, pangangalaga sa kalikasan, pampublikong kaligtasan at proteksyon sa kalusugan para sa kanilang sarili at kanilang mga katrabaho at mga third party.



Saipem Classification - General Use

## 3.3. Pananaliksik, inobasyon, at proteksyon sa intelektuwal na pag-aari

Itinataguyod ng Saipem ang mga gawain ng pananaliksik at inobasyon ng management at ng mga empleyado, na saklaw ng kani-kanilang mga tungkulin at responsibilidad. Anumang mga intelektuwal na asset na mula sa nasabing mga gawain ay isang mahalaga at pangunahing pamana ng Saipem.

Partikular na pinagtutuunan ng pansin ng pananaliksik at inobasyon ang pagtataguyod ng mga produkto, kagamitan, proseso, at paggawi na sumusuporta sa matipid na paggamit ng enerhiya, pagbabawas ng epekto sa kalikasan, pagbibigay-pansin sa kalusugan at kaligtasan ng mga empleyado, kliyente, at mga lokal na komunidad kung saan nag-o-operate ang Saipem, at sa pangkalahatan ay ang pagiging matatag ng mga aktibidad ng negosyo.

Kaugnay na kanilang mga tungkulin at responsibilidad, ang mga Tauhan ng Saipem ay aktibong mag-aambag sa pagma-manage ng intelektuwal na pag-aari para mapasulong ito, maprotektahan, at mapahusay.

## 3.4. Pagkakompidensyal

### 3.4.1. Proteksyon sa mga sekreto ng kompanya

Ang mga aktibidad ng Saipem ay patuloy at laging nanangailangan ng pagbili, pagtatago, pagpoproseso, komunikasyon at pamamahagi ng impormasyon, mga dokumento at iba pang mga data hinggil sa mga negosasyon, mga administratibong paglilitis, mga transaksyon sa pananalapi, at mga know-how (mga kontrata, kasulatan, ulat, tala, pag-aaral, disenyo, larawan, software, atbp.) na hindi maaaring isiwalat sa labas ng kompanya ayon sa mga kasunduan ng kontrata, o ang di-angkop o di-napapanahong pagsisiwalat nito ay maaaring makapinsala sa interes ng kompanya.

Taglay ang hindi panghuhusga sa transparency ng mga aktibidad na isinasagawa at sa mga impormasyon at obligasyon na ipinapatupad ng umiiral na mga probisyon, titiyakin ng mga Tauhan ng Saipem ang pagkakompidensyal na hinihiling para sa mga sitwasyon para sa bawat butil ng impormasyon na kanilang napag-alaman dahil sa kanilang trabaho.

Lahat ng impormasyon, kaalaman, at data na natamo o naproseso dahil sa pagtatrabaho o mga gawain sa Saipem, ay pagmamay-ari ng Saipem at hindi maaaring gamitin, ibahagi, o isiwalat nang walang tiyak na awtorisasyon mula sa superior alinsunod sa partikular na mga dokumento ng regulasyon.

### 3.4.2. Proteksyon sa privacy

Dedikado ang Saipem na protektahan ang impormasyon hinggil sa mga Tauhan ng Saipem at mga third party, na nalikha o natamo sa loob ng Saipem o sa pagnenegosyo ng Saipem, at para maiwasan ang maling paggamit ng anumang naturang impormasyon.

Ginagarantiyahan ng Saipem na ang pagpoproseso ng personal na data sa loob ng istruktura nito ay gumagalang sa mahahalagang karapatan at kalayaan, pati na rin sa dignidad ng mga kasangkot



Saipem Classification - General Use

na partido, gaya ng isinasaad ng mga umiiral na legal na probisyon.

Ipoproseso ang personal na data sa paraang nakakasunod sa batas at nang patas, at anuman ang sitwasyon, ang data na kokolektahin at iingatan ay ang mga kinakailangan lamang para sa mga layuning tiyak, malinaw na ipinaliwanag, at kaayon ng batas. Ang data ay iingatan sa loob ng takdang haba ng panahon na hindi tatagal kaysa sa kinakailangan para sa layunin ng pagkolekta nito.

Ipapatupad din ng Saipem ang mga angkop na hakbang para mapanatiling ligtas ang lahat ng database kung saan iniimbak at iniingatan ang personal na data, upang iwasan ang anumang panganib ng pagkasira at pagkawala o ng hindi awtorisadong pag-access o pagproseso nang walang pahintulot.
Ang mga Tauhan ng Saipem ay:

- kukuha at ipoproseso lamang ang data na kinakailangan at naaangkop sa layunin ng kanilang trabaho at mga responsibilidad;
- kukuha at ipoproseso lamang ang naturang data alinsunod sa isinasaad sa partikular na mga dokumento ng regulasyon, at iingatan ang naturang mga data sa paraang hindi ito maa-access ng mga di-awtorisadong partido;
- magpapakita at aayusin ang data sa paraang matitiyak na anumang partido na awtorisado sa pag-access nito ay madaling makakakuha hangga't maaari ng outline nito na tumpak, detalyado, at totoo;
- magsisiwalat ng naturang data alinsunod sa isinasaad sa partikular ng mga dokumento ng regulasyon o ayon sa malinaw na pahintulot ng kanilang superior, at sa anumang sitwasyon, gagawin lang ito matapos matiyak na ang nasabing data ay pwedeng isiwalat, at gayundin sa pagsasaalang-alang sa ganap o relatibong mga restriksyon hinggil sa mga third party na konektado sa Saipem sa pamamagitan ng anumang uri ng ugnayan, kung angkop, matapos makuha ang kanilang pahintulot.

### 3.4.3. Pagiging miyembro ng pangasiwaan at mga empleyado sa mga asosasyon, pakikilahok sa mga inisyatiba, event, o panlabas na pulong

Ang pagsapi sa mga samahan, inisyatiba, kaganapan, o external na grupo ay sinusuportahan ng Saipem kung katugma sa ginagawang trabaho o propesyon. Kabilang dito ang:

- pagsapi sa mga samahan, partisipasyon sa mga komperensya, workshop, seminar, kurso;
- pagsusulat ng mga artikulo, dokumento at publikasyon;
- pagsali sa mga pampublikong kaganapan.

Kaugnay nito, ang management ng Saipem at mga empleyado na nangangasiwa sa pagpapaliwanag, o pagsisiwalat ng data o impormasyon hinggil sa mga layunin, mithiin, performance at pananaw ng Saipem, ay hindi lamang dapat na sumunod sa mga dokumento ng regulasyon hinggil sa pag-aabuso sa merkado, kundi kukuha rin ng kinakailangang pahintulot mula sa kanilang superior para sa mga pagkilos na dapat sundan at mga paksa at report na isusulat, pati na rin sa pagsang-ayon ng nilalaman nito sa istruktura ng Saipem.

## 4. Saklaw ng pagpapatupad at mga sangguniang istruktura para sa Kodigo ng Etika

Ang mga prinsipyo at nilalaman ng Kodigo ay para sa mga Tauhan ng Saipem at mga aktibidad nito.

Ang mga kinatawan ng Saipem sa mga kompanyang may parte ito sa pagmamay-ari, sa mga consortia at mga joint venture, ay magtataguyod ng mga prinsipyo at nilalaman ng Kodigo sa kani-kanilang larangan ng trabaho.

Ang mga direktor at manager ang pangunahing magpapatupad ng mga prinsipyo at nilalaman ng Kodigo, na inaako ang pananagutan para dito sa loob at labas ng kompanya, at paglinang ng tiwala, pagkakaisa, at pagtutulungan. Magbibigay din sila, sa pamamagitan ng kanilang paggawi, ng halimbawa para sa mga nasa ilalim ng kanilang pamumuno, para himukin silang sumunod sa Kodigo at magtanong at magmungkahi tungkol sa mga partikular na probisyon.

Para ganap na masunod ang Kodigo, ang bawat isang Tauhan ng Saipem ay maaaring humingi ng tulong, kahit nang direkta, sa Tagapanagot.

### 4.1. <u>Obligasyon na alamin ang Kodigo at iulat ang anumang paglabag dito</u>

Available ang Kodigo para sa lahat ng empleyado sa Intranet ng kompanya at sa Document Management System at para sa lahat ng user - hindi lang para sa mga empleyado ng Saipem - sa website ng Kompanya.

Lahat ng Tauhan ng Saipem ay inaasahan na alamin ang mga prinsipyo at nilalaman ng Kodigo at pati na rin ang mga reperensiyang dokumento ng regulasyon tungkol sa kanilang mga tungkulin at responsibilidad.

Lahat ng Tauhan ng Saipem ay dapat na:

- umiwas mula sa anumang paggawi na salungat sa naturang mga prinsipyo, nilalaman, at dokumento ng regulasyon;
- maingat na piliin, hangga't saklaw ng kanilang responsibilidad, ang kanilang mga collaborator, at tiyakin na ganap silang susunod sa Kodigo;
- hilingin mula sa anumang third party na may pakikipagnegosyo sa Saipem na kumpirmahing alam nila ang Kodigo;
- iulat kaagad sa kanilang superior o sa departamentong kinabibilangan nila, at sa Tagapanagot, ang anumang mga obserbasyon nila o impormasyong inilaan ng mga Stakeholder tungkol sa mga posibleng paglabag o anumang kahilingan na lumabag sa Kodigo; ang mga ulat ng posibleng paglabag ay ipapadala alinsunod sa mga pamamaraan na isinasaad sa mga partikular na dokumento ng regulasyon ng Audit and Risk Committee, Board of Statutory Auditors, at Compliance Committee ng Saipem S.p.A;
- makipagtulungan sa Tagapanagot at sa mga tungkuling ipinagkatiwala ng nalalapat na dokumento ng regulasyon para matukoy ang mga posibleng paglabag;

- ipatupad ang maagap na paraan ng pagtutuwid kung kailan kinakailangan, at sa anumang pangyayari, ay iwasan ang anumang uri ng paghihiganti.

Hindi pinapayagan ang mga Tauhan ng Saipem na magsagawa ng personal na imbestigasyon, o makipagpalitan ng impormasyon, maliban sa kanilang mga superior, o sa departamento na kinabibilangan nila, at sa Tagapanagot. Kung pagkatapos ipagbigay-alam ang isang posibleng paglabag ay nadarama ng sinumang Tauhan ng Saipem na siya'y pinaghigantihan, kung gayon ay maaari siyang tuwirang pumunta sa Tagapanagot.

## 4.2. Mga sangguniang istruktura at pangangasiwa

Dedikado ang Saipem sa pagtiyak, gayundin sa pag-aatas sa Tagapanagot:

- ang pinakamalawak na pagpapalaganap ng mga prinsipyo at nilalaman ng Kodigo sa mga Tauhan ng Saipem at iba pang mga Stakeholder, na naglalaan ng lahat ng posibleng tool para maunawaan at maging malinaw ang pagpapakahulugan at pagpapatupad ng Kodigo, pati na rin ang pag-a-update sa Kodigo gaya ng hinihiling upang matugunan ang nagbabagong pananaw ng lipunan at mga naaangkop na batas;
- ang pagsusuri tungkol sa anumang napansing paglabag sa mga prinsipyo at nilalaman ng Kodigo o sa mga reperensiyang dokumento ng regulasyon; isang walang kinikilingang pagsusuri ng mga detalye, at kung kinakailangan, ang pagpapatupad ng mga naaangkop na hakbang sa pagdidisiplina; na walang sinuman ang magdusa sa anumang paghihiganti dahil sa pagbibigay ng impormasyon sa mga posibleng paglabag sa Kodigo o sa nauugnay na mga dokumento ng regulasyon.

### 4.2.1. Tagapanagot ng Kodigo ng Etika

Ang Kodigo ng Etika, bukod sa iba pang mga bagay, ay isang pangkalahatan at kailangang sundin na mga prinsipyo ng organisasyon, management at pagkokontrol na ipinapatupad ng Saipem S.p.A. alinsunod sa probisyon ng Italya sa administratibong pananagutan ng mga legal na entidad na batay sa mga paglabag na nilalaman sa Legislative Decree Blg. 231, Hunyo 8, 2001.

Itinatalaga ng Saipem S.p.A ang mga tungkulin ng Tagapanagot sa Compliance Committee na itinatag alinsunod sa nabanggit sa itaas na Modelo. Ang bawat direkta o di-direktang sangay, sa Italya at sa ibang bansa, ay ipinagkakatiwala ang tungkulin ng Tagapanagot sa sarili nitong compliance committee o sa iba pang katumbas na komite sa pamamagitan ng pormal na kasulatan ng nauugnay na departamento ng kompanya.

Ipinagkakatiwala sa Tagapanagot ang gawain na:

- pagtataguyod sa pagpapatupad ng Kodigo at ang pag-isyu ng mga reperensiyang dokumento ng regulasyon; pag-uulat sa Chief Executive Officer ng kompanya at pagbibigay sa kaniya ng panukala tungkol sa kapaki-pakinabang na mga inisyatiba para sa mas malawak na pagpapalaganap at kaalaman sa Kodigo, at para na rin maiwasan na maulit ang mga tiyak na paglabag;
- pagtataguyod ng mga programa ng komunikasyon at pagsasanay para sa management at mga empleyado ng Saipem;

- pag-iimbestiga sa mga ulat ng posibleng paglabag sa Kodigo sa pamamagitan ng pagpapasimula ng mga naaangkop na imbestigasyon; paggawa ng aksyon, dahil na rin sa hiling ng mga Tauhan ng Saipem kung ang naiulat na mga paglabag sa Kodigo ay hindi inasikaso nang tama o nagkaroon ng mga insidente ng paghihiganti sa taong nag-ulat ng paglabag;
- ipagbigay-alam ang mga nauugnay na istruktura ng mga resulta ng imbestigasyon para sa pagpapatupad ng mga posibleng parusa; ipabatid sa mga kinauukulan ang tungkol sa mga resulta ng imbestigasyon para sa pagpapatupad ng kinakailangang mga hakbang.

Higit pa rito, ang Tagapanagot ng Saipem S.p.A. ay magsusumite sa Audit and Risk Committee at sa Board of Statutory Auditors ng Saipem S.p.A., pati na rin sa Chairman at sa Chief Executive Officer ng Saipem S.p.A., na mag-uulat naman nito sa Board of Directors ng Saipem S.p.A., ng isang ulat tuwing anim na buwan tungkol sa pagpapatupad at posibleng pangangailangan na i-update ang Kodigo.

Sa pagsasagawa ng tungkulin nito, sasamantalahing gamitin ng Tagapanagot ng Saipem S.p.A. ang “Technical Secretariat of the Compliance Committee 231 ng Saipem S.p.A.”, na bumubuo sa hierarchical dependency nito.  Ang Technical Secretariat ay may pananagutan ding pasimulan at panatilihin ang wastong pag-uulat at daloy ng komunikasyon sa mga Tagapanagot ng mga sangay ng kompanya.

Para padaliin ang daloy ng pag-uulat, nag-set up ang Saipem ng mga espisipikong channel ng komunikasyon na tinukoy sa Procedure Reports, na hindi rin pinangalanan, na natatangap ng Saipem S.p.A. at mga sangay nito sa Italya at sa ibang bansa, na pina-publish sa Intranet ng Saipem at mga website sa Internet at maa-access ng lahat ng Tauhan ng Saipem at lahat ng user ng website.

Nag-set up din ang Saipem S.p.A. ng “mga dedikadong channel” ng Compliance Committee para himukin ang daloy ng pagbibigay-alam sa pamamagitan ng mga ulat:

**organismodivigilanza@saipem.com.**

#### 4.2.2. Pagsusulong ng Kodigo

Upang maisulong ang kaalaman at mapadali ang pagpapatupad ng Kodigo, ang Opisyal na Punong Tagapagpaganap at ang Pangasiwaan ng Saipem SpA ay nagsasagawa ng pagsusulong ng kaalaman at nagpapadali sa pagpapatupad ng mga prinsipyong itinakda sa Kodigo ng Etika. Kaugnay nito, isinusulong nila sa loob ng Saipem ang pagkakaloob ng bawat posibleng kasangkapang nagbibigay-kaalaman at nagpapalaganap ng kultura na naglalayong igalang ang mga prinsipyong ipinahayag dito.

### 4.3. Pagrerepaso sa Kodigo

Ang pagrerepaso sa Kodigo ay inaaprubahan ng Board of Directors ng Saipem S.p.A.

Ginagawa ang panukala habang isinasaalang-alang ang pagsusuri ng mga Stakeholder na may kaugnayan sa mga prinsipyo at nilalaman ng Kodigo, na itinataguyod ang kanilang aktibong kontribusyon at pagbibigay-alam ng posibleng mga kamalian nito.

### 4.4. <u>Halaga sa kontrata ng Kodigo</u>

Ang paggalang sa mga tuntunin ng Kodigo ay isang mahalagang bahagi ng mga obligasyon ayon sa kontrata ng lahat ng Tauhan ng Saipem na sumusunod at kaayon sa nalalapat na batas.

Ang paglabag sa mga prinsipyo at nilalaman ng Kodigo ay nagpapahiwatig ng paglabag sa mga pangunahing obligasyon sa mga ugnayan sa trabaho o sa isang paglabag na may katumbas na disiplina, na ang lahat ng kahihinatnan dahil sa paglabag sa batas ay may kaugnayan din sa pangangalaga sa ugnayan sa trabaho, at nauuwi sa mga kabayaran para sa mga pinsala na dulot nito.



Saipem Classification - General Use